## Ang iyong Karapatan sa ilalim ng Pangkalusugang Pang-Isip na Batas - Community Treatment Order (CTO)

Kung ikaw ay isang pasyente tumanggap ng pagagamot at nasa ilalim ng pangangalaga sa community treatment order (CTO), ang Tagapagtanggol ng Pasyente sa Kalusugang Pang-Isip at tarbahante ay nakaintindi na sakaling mahirap at maaksaya sa panahon. Kami ay nandirito para tumulong na maintindihan mo ang iyong karapatan at lutasin ang iyong malasakit. Tandaan, ikaw ay hindi nag-iisa.

Ang CTO sa ilalim ng Mental Health Act ay ang kasangkapan para tutulong sa iyo na maisatuparan ang pagagamot at pangangalaga habang nakatira sa iyong komunidad. Ang pakay ng CTO ay magbibigay sa iyo ng sapat na suporta at pangangasiwa na masundan ang plano ng iyong pagagamot at pangangalaga bilang balangkas ng CTO. Ang plano sa pagagamot at pangangalaga ay nakaplano para matiyak ang iyong pangangailangan at sakaling maisama ang kailanganin tulad ng: pag-inom ng gamot; dadalo sa mga kompromiso, tatanggap ng tawag sa telepono o mula sa pagbisita sa tahanan, o pagtanggap ng pagagamot at pangangalaga mula sa mga tagapagbigay o pagpili sa tagapagbigay pangalaga.

Bilang isang tao na nasasakop sa CTO sa ilalim ng Mental Health Act, ikaw ay may maraming karapatan. Sa ibaba ay listahan ng ilang karapatan na ito.

**Karapatan Ukol sa Pagbibigay, Pagsusuosog, Pagbabago, Pagkawalang-bisa o Pagkaltas ng CTO**

IKAW at iyong kapalit na taga-gawa ng desisyon ay MAY KARAPATAN para alinman ay magbigay ng pahintulot o tumanggi sa pagbigay ng pahintulot sa CTO. Sa limitadong pagkakataon ang pagpahintulot ay hindi kinakailangang saan magbibigay ang tagapag-gamot na naniwala na:

- ang tao ay magpakita ng kasaysayan na hindi pagkuha o pagpatuloy sa pagagamot sa komunidad o pangangalaga na kailangan para hadlangan ang malamang na panganib sa iba; at
- ang CTO ay makatuwiran at mas kakaunti ang pagbabawal kaysa mapanatili ang tao bilang isang pormal na pasyente.

IKAW AY MAY KARAPATAN na kayahin na sundin ang pagagamot o pangangalaga na nakahanda sa CTO.

IKAW AY MAY KARAPATAN sa panahon na ang CTO ay nagbibigay, nagsususog o nagbabago sa pagtanggap sa nakasulat na pahayag sa dahilan at otoridad ng CTO, impormasyon tungkol sa Hurado ng Pagsusuri, at iyong karapatan sa pag-aplay sa Hurado ng Pagsusuri para kaltasin ang CTO. Sa panahon na mahirapan sa lingguwahe, IKAW AY MAY KARAPATAN na mabigyan ng taga-salin ng lingguwahe mula sa Lupon o kaya designadong napili at mabigyan ng impormasyon at ang nakasulat na pahayag sa lingguwaheng salita ng pasyente o katiwala ng pasyente.

IKAW AY MAY KARAPATAN na tumanggap ng kopya sa iyong CTO na kasali ang impormasyon tulad ng pangangailangan sa pagagamot at pangangalaga, ang pangalan ng tao kung sino ang pinagkatiwalaan sa pangangasiwa ng CTO, at pangangailangan sa anomang pagpapahayag.

IKAW AY MAY KARAPATAN na umurong sa pagpahintulot ng CTO o humiling ng pagsususog o ibahin ang iyong CTO kung sa paniwala mo na may ibang plano sa pagagamot na mas mabuti para sa iyo.

IKAW AY MAY KARAPATAN na tumanggap ng nakasulat na babala, kasama ang anomang rekomendasyon sa pagagamot, sa panahong ang iyong CTO ay mawalang-bisa o kinaltas.

**Karapatan Ukol sa Pagagamot**

IKAW AY MAY KARAPATAN na tumanggap ng talang-guhit sa CTO ng pagagamot at pangangalaga.

IKAW AY MAY KARAPATAN na sumang-ayon sa anomang pagagamot kahit bago ito maibigay maging ang CTO ang nagbigay ng iyong pahintulot o wala sa iyong pahintulot. Sa ilalim ng CTO, ang pagagamot ay hindi mapipilit sa iyo.

**Karapatan Ukol sa Walang-Katuparan ng CTO**

IKAW AY MAY KARAPATAN na tumanggap ng makatuwirang tulong mula sa psychiatrist *(espesyalista sa sakit sa ulo)* o sa manggagamot na tagapangasiwa sa pagsunod ng iyong CTO.

IKAW AY MAY KARAPATAN, sa panahon na ikaw ay hindi sumunod sa pangangailangan ng CTO sa pagagamot at pangangalaga, na mayroon makatuwirang kilos na maisagawa na ipaalam sa iyo: na ikaw ay hindi sumunod sa CTO; ang kailangan para matupad; ang pangyayari ng walang-katuparan (ang utos para maunawaan at ang pag-usisa ay sakaling ibigay mula sa psychiatrist *(espesyalista sa sakit sa ulo)* o sa nangangasiwang manggagamot kung ikaw ay patuloy na magpabaya sa pagsunod ng CTO); at maaring mangyayari ng pag-usisa.

**Karapatan Ukol sa Hurado ng Pagsusuri**

IKAW AY MAY KARAPATAN na mag-aplay sa Hurado ng Pagsusuri na kaltasin ang iyong CTO. Ang Hurado ay sakali o sakaling hindi kumaltas sa CTO.

IKAW AY MAY KARAPATAN para sa kusang pagsisiyasat mula sa Hurado ng Pagsusuri sa oras ng unang pagbago ng CTO at bawat pangalawang pagbago pagkatapos noon hanggang ang CTO ay mawalang-bisa o kinaltas, o kung mayroon aplikasyon para sa pagsisiyasat sa loob ng buwan mauna ang anomang mga pagbabago.

IKAW AY MAY KARAPATAN na dumalo kasama ang iyong abugado sa panahon na ang ebidensiya ay ibibigay sa paglilitis ng Hurado ng Pagsusuri (maliban na ang Hurado ng Pagsusuri ay may malasakit na impormasyon na ibigay sa tao na kaangkop sa CTO na sakaling malubhang mameligro sa kaligtasan ng ibang tao), at magtatanong ng ibang tao na magbigay ng ebidensiya sa paglilitis.

IKAW AY MAY KARAPATAN na humiling sa anomang desisyon ng Hurado ng Pagsusuri sa Inopoan ng Korte ng Reyna.

**Pangkalahatang Karapatan**

IKAW AY MAY KARAPATAN na makipag-ayos na ang iyong abugado ay tutulong sa iyo sa paglilitis sa Hurado ng Pagsusuri at sa Inopoan ng Korte ng Reyna.

IKAW AY MAY KARAPATAN na komontak at tumanggap ng mga bisita mula sa iyong abugado kahit anong oras na ikaw ay dalhin sa kaluwagan ng pag-usisa dahil sa walang-katuparan ng CTO.

IKAW AY MAY KARAPATAN sa paglilihim ng lahat ng iyong impormasyong pangkalusugan maliban na ang *Batas ng Impormayong Kalusugan* ay magpahintulot para bitiwan ang iyong impormasyong pangkalusugan sa ilalim ng ilang kondisyon na wala sa iyong pahintulot.

IKAW AY MAY KARAPATAN na komontak sa **Tagapagtanggol ng Pasyente sa Kalusugang Pang-Isip** sa (780) 422-1812 o tumawag sa libre na linya sa pamagitan ng Karapatang Linya ng Gobyerno sa 310.0000 ukol sa anomang katanungan at malasakit na mayroon ka tungkol sa iyong mga karapatan, pagpigil, pagagamot at/o pangangalaga habang nasa ilalim ng CTO.